

# Pakikipag-usap sa Iyong Mga Pasyente tungkol sa Nakatagong Impeksyon ng Tuberculosis (TB)

## Isang Gabay sa Pakikipag-usap para sa Mga Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan

Ang Tuberculosis (TB) ay nananatiling isang mahalagang maiiwasang sakit sa Estados Unidos. Tinatayang aabot sa 13 milyong tao sa Estados Unidos ang nabubuhay na may nakatagong impeksyon sa TB (minsang ay tinatawag din na hindi aktibong TB). Dahil ang nakatagong impeksyon sa TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB, ang mga pasyente ay maaaring magkasakit nang malala at maaaring hindi nila mamalayang maikalat ang TB sa iba, kabilang ang kanilang mga kaibigan, kapamilya, o ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan.

**Ang pagsusuri at paggamot sa nakatagong impeksyon sa TB ay isang kritikal na hakbang upang maalis ang sakit na TB sa Estados Unidos at maprotektahan ang iyong komunidad.** Bilang pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng impormasyong pangkalusugan sa iyong komunidad, mahalagang magsimula ka ng isang pag-uusap tungkol sa nakatagong impeksyon sa TB at ang sakit sa TB kasama ng iyong mga pasyente dahil maaaring may kakulangan ng kamalayan tungkol sa o stigma na nauugnay sa mga kondisyong ito.

Narito ang 4 na tip upang masimulan ang pag-uusap:

1

### Ipakilala ang TB at Ipaliwanag ang Nakatagong Impeksyon sa TB at Sakit sa TB



*Mahalagang turuan ang iyong mga pasyente tungkol sa nakatagong impeksyon sa TB at sakit na TB dahil maraming tao ang maaaring hindi pamilyar sa o may ilang maling akala tungkol sa mga kondisyong ito. Narito ang ilang maiikling katotohanan na maaaring mung ibahagi:*

**Ang mga taong may TB ay matatagpuan sa bawat estado;** kung saan tayo nagtatrabaho, kung saan tayo nakatira, kung saan tayo natututo, at kung saan tayo gumugugol ng oras kasama ang pamilya at mga kaibigan natin.

Ang nakatagong impeksyon sa TB ay isang kondisyon kung saan ang isang tao ay nahahawahan ng bakteryang TB ngunit kasalukuyang walang aktibong sakit na TB. Ang mga taong may nakatagong impeksyon sa TB ay walang mga palatandaan at sintomas ng sakit na TB at hindi nila maikakalat ang bakteryang TB sa iba. Gayunpaman, kung ang mga bakteryang ito ay naging aktibo at dumami, **ang nakatagong impeksyon sa TB ay maaaring maging sakit na TB.** Kapag aktibo na ito, maaari nang maikalat ang TB sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin.

**Ang nakatagong impeksyon sa TB ay maaaring gamutin** upang maiwasan ang sakit na TB. Gayunpaman, kung hindi magagamot, maaari itong maging aktibong sakit na TB na maaaring maging nakamamatay at maaaring kumalat sa iba, pati na sa mga kaibigan at kapamilya.

## 2

### Talakayin ang Panganib ng Iyong Pasyente



*Ang TB ay isang nangungunang sanhi ng pagkamatay sa buong mundo, at napakaraming tao pa rin ang nagdurusa sa TB sa Estados Unidos. Mayroong ilang mga kadahilanan ng panganib para sa TB kaya mahalagang makipag-usap sa iyong mga pasyente tungkol sa kanilang panganib. Narito ang ilang halimbawang sasabihin na maaaring makatulong:*


**Talakayin natin ang iyong panganib batay sa mga lugar sa mundo kung saan karaniwan ang TB.** Ang TB ay karaniwan sa buong mundo, ngunit kung ipinanganak ka o madalas na naglalakbay sa Asia, Africa, o Latin America, mas malaki ang posibilidad na mahawahan ka ng TB. Totoo ito kahit na nakatira ka sa Estados Unidos sa loob ng mahabang panahon dahil mas karaniwan ito sa mga rehiyong ito. Maaaring nasa panganib kang magkaroon ng TB kahit na nakatanggap ka na ng bakuna laban sa TB (kilala rin bilang BCG na bakuna), dahil humihina ang proteksyon nito sa paglipas ng panahon.

**Pag-usapan natin ang iyong pagkakalantad sa mga indibidwal na mas mataas na panganib.** Maaari kang magkaroon ng mas mataas na panganib sa TB kung ikaw ay nagtatrabaho, kasalukuyang nakatira, o dating nakatira sa mas malalaking grupo ng mga kapaligiran kung saan ang TB ay mas karaniwan, tulad ng mga kanlungan ng walang tirahan, kulungan, o mga piitan, o kung ikaw ay gumugol ng oras kasama ng isang tao na may aktibong sakit na TB.

**Isaalang-alang natin ang iba pang mga kondisyon sa kalusugan na maaaring mayroon ka.** Ang mga kondisyon sa kalusugan, lalo na iyong mga maaaring magpahina sa iyong immune system tulad ng diabetes, kanser, o HIV ay maaaring makapagpataas ng posibilidad na magkaroon ka ng aktibong sakit na TB kapag nahawahan ka.

## 3

### Ipaliwanag ang Proseso ng Pagsusuri



*Maaaring hindi pamilyar ang mga pasyente sa pagsusuri para sa nakatagong impeksyon sa TB, kaya makakatulong na ipaliwanag ang proseso. Narito ang ilang mensahe na maaaring makatulong:*

**Mayroong dalawang uri ng pagsusuri para sa nakatagong impeksyon sa TB: ang pagsusuri ng TB sa dugo at ang pagsusuri ng TB sa balat.** Mas gusto kong mag-order ng pagsusuri sa dugo dahil maaari itong gawin sa iisang pagbisita, at ito ang pinakatumpak na paraan kung dati ka nang nabakunahan para sa TB.

Pagkatapos mong masuri at kapag natanggap mo na ang iyong mga resulta, pag-usapan natin ang mga susunod na hakbang.

- Kung nakatanggap ka ng positibong resulta, magrekomenda ako ng iba pang mga pagsusuri kabilang ang isang pisikal na eksaminasyon, x-ray sa dibdib, at iba pang gawain sa laboratoryo upang makita kung ang bakterya ng TB ay aktibo o nagbibigay sa iyo ng sakit.
- Kung nakatanggap ka ng negatibong resulta at natukoy naming wala kang aktibong sakit na TB, malabong mayroon kang nakatagong impeksyon sa TB at hindi na kailangan ng agarang susunod na mga hakbang. Gayunpaman, pag-uusapan natin kung kailangan mong masuring muli sa hinaharap.

## 4

## Talakayin ang Mga Opsyon sa Paggamot

**Kung nagpositibo ang iyong pasyente para sa nakatagong impeksyon sa TB, mahalagang magrekomend**

**a ka ng mas maikli at mas maginhawang mga paggamot. Bagama't ang lahat ng mga rehimen ay ligtas at mabisa, mas pinipili ang maikling kurso at rehimen na nakabatay sa rifamycin bilang mga opsyon sa paggamot para sa nakatagong impeksyon sa TB dahil mayroong mas mataas na mga rate ng pagkumpleto ang mga ito.**

**Maaaring hindi humingi ng follow-up na pangangalaga ang mga tao dahil sa maling impormasyon o stigma na nauugnay sa sakit na ito kaya mahalagang tulungan silang kumpletuhin ang buong kurso ng paggamot.** Isaalang-alang ang sumusunod na impormasyon kapag tinatalakay ang mga opsyon sa paggamot sa iyong mga pasyente:



Kahit na wala kang mga sintomas ng nakatagong impeksyon sa TB, maaari kang magkaroon ng aktibong sakit na TB, na maaaring magpakalat ng TB mula sa isang tao patungo sa ibang tao, maaaring magdulot sa iyo ng sakit, at maaaring maging nakamamatay kung hindi gagamutin.

**Ang pagkumpleto ng iyong paggamot ay mahalaga upang maiwasan ang aktibong sakit na TB.** Maaaring narinig mo nang dumadaan sa mahabang paggamot ng TB ang isang tao dati, ngunit may mga magagamit na ngayon na maikli at maginhawang mga paggamot.

Talakayin natin ang mga opsyon sa paggamot, anumang mga potensyal na hadlang na maaaring makagambala sa iyong plano sa paggamot, at mga mapagkukunan sa komunidad na maaaring makasuporta sa iyo. Ang ilang karaniwang tanong ng mga pasyente tungkol sa mga magagamit na opsyon sa paggamot ay kinabibilangan ng:

- Ano ang mga benepisyo ng pagpapagamot para sa nakatagong impeksyon sa TB?
- Batay sa aking pamumuhay at personal na kasaysayan ng kalusugan, anong opsyon sa paggamot ang irerekomenda mo?
- Gaano kadalas ko kailangang inumin ang gamot na ito? At hanggang kailan ako iinom nito?
- Ano ang mga tagubilin sa pag-inom ng gamot na ito?
- Ano ang mga side effect ng gamot na ito?
- Magkano ang halaga ng gamot na ito? Masasaklaw ba ng aking seguro ang paggamot?

**Kung hindi magagamot, 1 sa 10 tao na may nakatagong impeksyon sa TB ang magkakasakit sa hinaharap. Gumaganap ka ng mahalagang papel para mabawasan ang pagkalat ng TB sa iyong komunidad at sa Estados Unidos.**



**Upang matuto pa tungkol sa TB at sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba, bisitahin ang [www.cdc.gov/thinktesttreattb](http://www.cdc.gov/thinktesttreattb)**